

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-5 ng Abril 2021

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Katamtamang bumubuti ang mga sitwasyon sa pagpapatakbo, pero patuloy pa ring nagkakaroon ng mga pressure sa presyo

Key findings

Tuloy-tuloy na tumataas ang mga volume ng produksyon habang bumabagal naman ang pagdami ng bagong order

Patuloy na nadaragdagan ang aktibidad ng pagbili sa pangalawang magkasunod na buwan

Tumitindi ang mga pressure sa inflation sa gitna ng matataas na presyo ng raw material

Ang data ng Marso 2021 ay nakolekta noong 12-24 Marso 2021.

Nagtala ang mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ng katamtamang pagbuti ng mga sitwasyon sa pagpapatakbo sa gitna ng katamtamang pagtaas ng mga volume ng produksyon nitong Marso. Nahikayat din ang mga negosyo dahil sa bahagyang pagdami ng mga bagong order, sa kabila ng malaking pagbaba ng demand mula sa ibang mga bansa. Dahil sa mga tumaas na volume ng output at inaasahan sa bumubuting sitwasyon ng demand, nahikayat ang mga kumpanyang magdagdag sa kanilang mga imbentaryo sa pre-production at post-production. Samantala, nakadagdag ang mga bumababang bilang ng mga backlog at boluntaryong pagbibitiw sa trabaho sa bahagyang pagbaba ng mga bilang ng trabahador. Nananatiling positibo ang mga kumpanya na tataas ang output sa susunod na 12 buwan, nang may pag-asa na tataas ang mga benta na magpapasigla sa mga inaasahan sa negosyo.

Patuloy ang pagkakaroon ng mga pressure sa presyo sa buwan ng Marso, kung saan madalas na nabanggit ang mga ulat ng mga kakulangan sa materyales. Dahil dito ay nagtaas ng mga singil ang mga kumpanya, kung saan bumibilis ang pangkalahatang rate ng inflation ng presyo ng output sa pinakamatinding naitala rito sa loob ng dalawang taon.


Naitala ng IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ang 52.2 sa buwan ng Marso, na bumaba nang kaunti mula sa 52.5 noong Pebrero, ngunit patuloy na mas mataas sa neutral na value na 50.0 na naghiiwalay sa sitwasyon ng pag-usad at pag-urong. Nagpapahiwatig ang pinakahuling tala ng katamtamang pagbuti sa kalagayan ng sektor sa pagmamanupaktura na may naitalang paglago sa kabuuan ng unang quarter ng 2021.

Nag-ulat ang mga producer ng mga produkto ng bahagyang pagtaas ng mga volume ng bagong order sa buwan ng Marso. Sa kabila nito, bumagal ang rate ng paglago mula noong Pebrero at mas mabagal ito kaysa sa matagal nang average. Samantala, partikular na bumaba ang demand mula sa dayuhang kliyente sa buwang ito dahil sa pagpapatuloy ng mga paghihigpit na nauugnay sa pandemya ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) sa mga merkado ng ibang bansa.

Dahil sa pangkalahatang pagtaas ng bilang ng bagong trabaho, dinagdagan ng mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ang kanilang output sa mas mabilis na rate. Katamtaman ang rate ng paglago ngunit ito ang pinakamabilis na sama-samang naitala simula noong Hunyo 2019. Nabanggit ng mga kumpanya ang mga pagsisikap na mag-ipon ng mga natapos na produkto dahil sa mga inaasahang mas mataas na demand sa mga susunod na buwan.

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

“Natapos ang unang quarter ng sektor sa pagmamanupaktura ng Pilipinas nang positibo, kung saan may katamtamang pagtaas na naitala sa buwan ng Marso. Nagbibigay ng pag-asa ang pagtaas ng mga volume ng output sa kabila ng katamtamang pagdami ng bagong order. Samantala, bahagya lang ang pagbaba ng mga antas ng employment at batay sa mga pahayag, boluntaryong pagbibitiw ang karamihan sa mga ito at hindi dahil sa pagsisikap ng mga kumpanya na mabawasan ang mga gastusin.

“Gayunpaman, patuloy na pinatataas ng pangunahing suliranin ang mga pressure sa presyo. Madalas na isinisisi sa mga kakulangan ng materyales ang mas matataas na gastusing natatamo ng mga kumpanya. Gayunpaman, dahil sa patuloy na pagtaas ng demand ng kliyente, nabigyang-daan ang ilang kumpanyang maipasa ang bahagi ng mga tumataas na gastusin.

“Sa kabila nito, dahil sa matatag na unang quarter, magandang pagkakataon ito sa sektor na makabawi sa paglago ng produksyon sa industriya sa 2021, kung saan inaasahan sa ating kasalukuyang pagtataya ang 7.1% na paglago.”

Maraming kumpanya ang naabala ng mga pagbibitiw sa trabaho nitong Marso, na nagresulta sa ikalabintatlong magkakasunod na buwan ng pagbaba ng bilang ng may trabaho. Sa kabilang banda, ang pinakahuling pagbaba ang pinakamabagal sa nabanggit na magkakasunod na buwan at bahagya lamang ito. Gayunpaman, natatapos pa rin ng mga kumpanya ang mga backlog ng trabaho, kung saan mabilis sa pagkalahatan ang pagkaubos ng trabaho sa outstanding na negosyo.


Patuloy na nagkakaroon ng mga pressure sa supply chain nitong Marso habang nadaragdagan ang mga lead time para sa mga input. Binabanggit pa rin ng mga panellist ang mga pagsisikip sa daungan at pagkaantala ng mga kargamento bilang dahilan ng pagbagsak ng performance ng vendor, kung saan kapansin-pansin ang mas tumatagal na mga oras ng paghahatid. Dahil dito, sinikap ng mga kumpanyang madagdagan ang mga iniipong imbentaryo upang mabawasan ang mga kakulangan sa hinaharap dahil sa mga pagkaantala.

Dahil sa mas mataas na output, at mga inaasahan sa pagbuti ng mga sitwasyon sa demand, nahikayat ang mga kumpanyang dagdagan ang kanilang aktibidad sa pagbili. Ang rate ng pagdaragdag ang naitalang pinakamataas simula noong Hulyo at tuloy-tuloy ito sa pangkalahatan. Gaya ng pagpapalaki sa mga imbentaryo sa pre-production, nagdagdag din ang mga kumpanya sa kanilang mga stock ng mga natapos na produkto.

Tungkol sa presyo, nagkaroon ng matindi at mas mabilis na pagtaas sa mga gastusing kinakaharap ng mga producer ng mga produkto sa Pilipinas. Iniuugnay ng mga kumpanya ang matataas na gastusin sa mga kakulangan sa mga raw material. Nabanggit din ng ilang panellist ang mas matataas na presyo ng PPE bilang resulta ng pandemya. Nagpasya ang mga kumpanya na ipasa ang bahagi ng mga tumataas na gastusin sa pamamagitan ng pagtataas ng mga factory-gate na presyo. Matindi sa pangkalahatan ang rate ng inflation ng presyo ng output, at ito ang pinakamataas simula noong Nobyembre 2018.

Panghuli, nananatiling positibo ang pananaw para sa produksyon sa buwan ng Marso, na may pag-asa sa mas matatag na kalagayan ng ekonomiya na madalas na nauugnay sa pagkapositibo. Gayunpaman, mas mababa sa matagal nang trend ang naitalang antas ng optimismo, na nagpapahiwatig na patuloy na nakakaapekto ang pandaigdigang pandemya sa mga inaasahan sa negosyo.

PMI Output Index Produksyon ng manufacturing
 sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan %/yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
 Economist
 IHS Markit
 T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Katherine Smith
 Public Relations
 IHS Markit
 T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Ang data ng Marso 2021 ay nakolekta noong 12-24 Marso 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katherine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.